



“Nangyari, nang ang mga anghel ay umalis patungo sa langit, ang mga tagapag-alaga ng tupa ay nag-usap-usap. Sinabi nila sa isa't isa: Pumunta tayo hanggang sa Bethlehem. Tingnan natin ang bagay na ito na nangyari, na ipinaalam sa atin ng Panginoon. Sila ay nagmadaling pumunta roon. Nasumpungan nila roon si Maria at si Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban.” (Lucas 2:15-16)